REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
KAGAWARAN NG EDUKASYON, KULTURA AT ISPORTS
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
DECS Complex, Meralco Avenue
Pasig City, Philippines

*Tanggapan ng Kalihim*
*Office of the Secretary*

*Sama-Sama*
*sa DECS*

Marso 24, 1999

**MEMORANDUM PANGKAGAWARAN**
Blg. 134, s. 1999

**PAGTATATAG NG KABATAANG SEKTOR NG PAMBANSANG SAMAHAN PARA SA EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA (K-PSEP) SA MGA PAARALANG PUBLIKO AT PRIBADO SA ANTAS SEKUNDARYA**

**Sa Mga:** **Direktor ng mga Rehiyon**
**Tagapamanihala ng mga Paaralan**
**Administrador ng mga Pribadong Paaralang Sekundarya**

1. Bilang pagkilala sa pangangailangang mapakilos ang mga kabataan tungo sa mga kapaki-pakinabang na mga gawaing magbibigay-halaga sa programang Edukasyon sa Pagpapahalaga na nakasaad sa *1997 Revised Version of the DECS Values Education Program*, itinatag ang Kabataang Sektor ng Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (K-PSEP).

2. Ang K-PSEP ay isang samahang binubuo ng mga mag-aaral sa mga paaralang publiko at pribado sa antas sekundarya na naglalayong tulungan ang kapwa mag-aaral at kabataan sa pagpapalakas at pagpapanatili ng kanilang ugnayan sa Maykapal, kapwa, bansa, kalikasan, at sanlibutan sa pamamagitan ng mga proyektong tutupad sa mga layunin ng *1997 Revised Version of the DECS Values Education Program.*

3. Tungo dito, ang K-PSEP ay maaaring itatag sa mga paaralang publiko at pribado sa antas sekundarya na wala pang mga organisasyon o samahang may katulad na bisyon, misyon at tunguhin. Iminumungkahi na pangunahan ng Departamento ng Edukasyon sa Pagpapahalaga ng mga paaralan ang pagtatatag nito. Kaugnay nito, ipinalalabas ang Konstitusyon ng K-PSEP para sa kaukulang impormasyon ng mga interesadong mag-aaral (Kalakip Blg. 1).

4. Ang pagtatatag ng K-PSEP, ang pagsapi dito, at ang mga proyektong gagawin ay dapat na bukal sa loob ng mga mag-aaral at kailangang naaayon sa mga panuntunan ng DECS. Ang mga gawain ng samahan ay hindi dapat makasagabal sa mga gawaing pang-akademiko at sa araw ng mga klase ng mga mag-aaral.

5. Ang K-PSEP ay inaasahang mag-sumite sa Center for Students and Co-Curricular Affairs (CSCA), DECS Central Office, ng taunang ulat ng kanilang mga gawain at talaan ng mga kasapi tuwing Lunes ng ikalawang linggo ng Disyembre ng taon.

6. Para sa mga katanungan at iba pang impormasyon, maaaring sumulat o tumawag sa mga sumusunod:

**K-PSEP, INC.**
Philippine Normal University
Department of School Psychology,
Guidance and Values Education
Graduate College, Room 304
Taft Avenue, Manila
Tel.: (02) 527-0382

**Center for Students and Co-Curricular Affairs**
DECS Complex, Meralco Avenue, Pasig City
Telefax: (02) 636-3603/631-8495

7. Inaasahan ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Andrew Gonzalez

**ANDREW GONZALEZ, FSC**
Secretary

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Wala
Pamumudmod: 1—(D.O. 50-97)
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

Course of Study, SECONDARY
Program, SCHOOL
VALUES EDUCATION

# KONSTITUSYON NG KABATAANG SEKTOR NG PAMBANSANG SAMAHAN PARA SA EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA (K-PSEP)

## ARTIKULO I

## ANG SAMAHAN

Seksyon I. Ang samahan ay kikilalanin bilang Kabataang Sektor ng Pambansang Samahan para sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (K-PSEP) na kinabibilangan ng mga kabataang mag-aaral sa antas sekundarya.

## ARTIKULO II

## BISYON, MISYON AT TUNGUHIN

Seksyon 1. *BISYON.* Ang K-PSEP ay isang pambansang samahan ng mga kabataang mag-aaral sa antas sekundarya na may mithiing maging tulay at gabay ng mga kabataan para sa pagpapaunlad ng sistema ng pagpapahalagang Pilipino tungo sa kapayapaan, kaayusan at kaganapan ng bansa at daigdig.

Seksyon 2. *MISYON.* Bilang tulay, ang misyon ng K-PSEP ay pag-ibayuhin ang pakikipag-ugnayan ng mga kabataan sa Dakilang Lumikha, sa kapwa, sa bansa, sa kalikasan at sa buong mundo.

Bilang gabay, ang K-PSEP ay magsisilbing inspirasyon at huwaran ng mga kabataan upang maging karapat-dapat ang mga ito na anak ng Dakilang Lumikha at ng bansa.

Seksyon 3. *TUNGUHIN.* Tunguhin ng K-PSEP na maging kabalikat at kaakbay ng Pambansang Samahan Para Sa Edukasyon sa Pagpapahalaga (PSEP, Inc.) para sa pagsasakatuparan ng mga layunin ng pambansang programa ng Edukasyon sa Pagpapahalaga. Ang mga layuning ito ay ang mga sumusunod:

3.1. Mapaunlad at mapalawak ang kaisipan ng bawat tao tungkol sa bisyon, misyon at tunguhin ng samahan sa pamamagitan ng mga pagtitipon at talakayan

3.2. Magsagawa ng makabuluhang programa, proyekto at gawain upang maisakatuparan ang mithiing maging tulay at gabay sa pagpapaunlad ng mga pagpapahalaga

3.3. Makipag-ugnayan sa iba't-ibang organisasyon at ahensya (GOs, NGOs, COs) upang sama-samang maisakatuparan ang layunin ng Edukasyon sa Pagpapahalaga

## ARTIKULO III

## PAGSAPI

Seksyon 1. Ang samahang ito ay bukas sa pagsapi ng bawat mag-aaral sa mga paaralang publiko o pribado sa antas sekundarya.

Seksyon 2. Ang kasapi ng samahan ay kinakailangang rehistradong miyembro na nakapagbayad ng "membership fee" sa pampaaralang sangay ng K-PSEP na kanyang kinabibilangan.

Seksyon 3. Lahat ng nagnanais na maging miyembro ng pampaaralang sangay ng K-PSEP ay kinakailangang magbayad ng P10.00 para sa mga mag-aaral na nasa haiskul.

Seksyon 4. Kung walang kinabibilangang organisadong pampaaralang sangay ng K-PSEP, ang mag-aaral ay maaaring magpatala sa pambansang samahan ng K-PSEP. Ang "membership fee" sa ganitong uri ay P50.00.

Seksyon 5. Kinikilala ang mga pangunahing miyembro (Founding Members) na nagpatala at dumalo sa unang kumbensyon ng K-PSEP na ginanap noong ika 18-20 ng Abril 1996 sa Baguio City at noong ika 10-12 ng Abril 1997 sa Zamboanga City.

Seksyon 6. Ang pangunahing obligasyon ng mga miyembro ay ang mga sumusunod:

6.1. Dumalo sa pangkalahatang pagpupulong at iba pang gawaing pinamamahalaan ng pampaaralang sangay ng K-PSEP at ng pambansang samahan ng K-PSEP

6.2 Magbigay ng taunang bayad sa pampaaralang sangay ng K-PSEP sa halagang P10.00

6.3 Maghalal ng miyembro ng pamunuan ng K-PSEP

## ARTIKULO IV

## PAMPAARALANG SANGAY

Seksyon 1. Ang pampaaralang sangay ng K-PSEP ay magkakaroon ng sariling konstitusyon na tumutugon sa layunin at adhikain ng K-PSEP.

Seksyon 2. Matapos pormal na mabuo ang isang samahan at mahalal ang mga opisyal nito, kailangang gawin ang mga sumusunod: (a) magsumite ng petisyon upang mapabilang sa pambansang samahan at (b) magbayad sa pambansang samahan ng 50% ng pangkalahatang "membership fee" (P5.00 bawat miyembro) bilang taunang bayad.

## ARTIKULO X

## TANGGAPAN AT SAGISAG NG SAMAHAN

Seksyon 1. Ang punong tanggapan ng K-PSEP ay matatagpuan sa tanggapan ng PSEP, Inc. sa Maynila.

Seksyon 2. Ang pambansang sagisag ng K-PSEP na ang disenyo ay naaayon sa napagkasunduan ng lupon ng pamunuan ay nasa pag-iingat ng pangulo o kalihim.

## ARTIKULO XI

## PAGBABAGO

Seksyon 1. Ang anumang pagbabago sa konstitusyon ay maaaring imungkahi ng komite o di kaya'y ng ikasampung bahagi o higit pa ng lahat ng kasapi ng samahan.

Seksyon 2. Ang iminumungkahing pagbabago ay nararapat na pagkasunduan ng karamihan ng kasapi na dumalo sa taunang kumbensyon.

PINAGTIBAY NG K-PSEP AT INAPROBAHAN NG PSEP, INC. NOONG ABRIL 12, 1997 SA ZAMBOANGA CITY.

Seksyon 3. Ang pampaaralang sangay ay maghahalal ng isang kinatawan (maaaring ang pangulo) para sa pambansang pamunuan na siyang magsisilbing tagapag-ugnay sa pagitan ng pamunuan at ng pampaaralang sangay.

Seksyon 4. Upang masubaybayan at matulungan ang pampaaralang sangay, kailangang ipabatid nito sa pambansang samahan ang kanilang mga proyekto.

Seksyon 5. Maaaring gumawa ng tuntunin at regulasyon ang pampaaralang sangay at ipatupad ito batay sa sa umiiral na batas ng pambansang pamunuan.

Seksyon 6. Ang pampaaralang K-PSEP ay gagawa ng batas at tuntunin alinsunod sa mga probisyon ng pambansang K-PSEP.

**ARTIKULO V**

**PAMBANSANG PAMUNUAN**

Seksyon 1. Ang pambansang pamunuan ng K-PSEP ay binubuo ng pangulo, pangalawang pangulo, kalihim, ingat-yaman, tagasuri, tagapagbalita, at siyam na "board member", at ang huling naging pangulo bilang "ex-officio".

Seksyon 2. Ang pambansang pamunuan ay magdaraos ng pulong tuwing may taunang pagtitipon at mga natatangi o kinakailangang pulong na itinakda ng pangulo ng K-PSEP sa pakikipag-ugnayan sa PSEP, Inc.

Seksyon 3. Ang pangunahing gawain ng K-PSEP ay:

3.1 Magsaayos ng nominasyon at magsagawa ng halalan

3.2 Magtakda ng mga programa, proyekto, at gawain batay sa bisyon, misyon at tunguhin ng pambansang samahan

3.3 Bumuo ng "working committee" at iba pang kinakailangang komite para ipatupad ang mga tunguhin ng samahan

3.4 Gumawa at magpatupad ng mga tuntunin

3.5 Maglagak ng mga tuntunin sa mga bayad at alamin ang taunang gastos o badyet

3.6 Iulat sa pambansang lupon ang umiiral na tuntunin at ang pinansyal na kalagayan ng samahan

3.7 Magkaroon ng lathalain

3.8 Suriin ang panukalang programa at proyekto ng paaralang sangay at ipatupad kung nararapat ang mga proyekto

Seksyon 4. Ang bilang ng korum ay naaayon sa pagpapasya ng pangulo at ibang opisyales sa panahon ng pagtitipon.

## ARTIKULO VI

## PAGHAHALAL AT HANGGANAN NG PAGLILINGKOD

Seksyon 1. Ang nominasyon ng mga pangalan sa pambansang pamunuan ay isasagawa isang araw bago ang halalan. Ang pangalan ng mga nominado ay ibibigay sa kalihim o sa komite na naatasan ng pamunuan.

Seksyon 2 . Ang buong samahan ay maghahalal ng labinlimang miyembro para sa pambansang pamunuan sa pamamagitan ng paggamit ng balota.

Seksyon 3. Ang pamunuan ay ihahalal ng mga kasapi ng K-PSEP sa itinakdang lugar at oras sa panahon ng pambansang kumbensyon.

Seksyon 4. Ang bawat miyembro na naihalal sa pambansang pamunuan ay may karapatang bumoto minsan lamang sa halalan ng opisyales ng samahan na binubuo ng anim na opisyales para sa ehekutibong komite at siyam na lupon ng mga direktor. Ang boto ng kahalili ay di tatanggapin.

Seksyon 5. Ang nahalal na pamunuan ay manunungkulan sa loob ng dalawang taon at maaaring maihalal muli sa ikalawang pagkakataon.

Seksyon 6. Kapag nagkataon na ang posisyon ng pangulo ay nabakante, kaagad na papalit ang pangalawang pangulo upang ipagpatuloy ang nabakanteng posisyon. Ang iba posisyong nakabakante ay pupunan sa susunod na halalan. Ang opisyal na halalan ay maaaring idaos tuwing magkakaroon ng pambansang kumbensyon upang punan ang bakanteng posisyon ng pambansang pamunuan.

Seksyon 7. Ang K-PSEP ay magkakaroon ng tagapayo mula sa pamunuan ng PSEP, Inc. Siya ay manunungkulan alinsunod sa pamantayan ng PSEP, Inc.

## ARTIKULO VII

## TUNGKULIN AT KARAPATAN

Seksyon 1.Ang mga tungkulin at karapatan ng pamunuan ay ang mga sumusunod:

1.1 PANGULO

  1.1.1 Siya ay pinuno ng K-PSEP

1.1.2 Siya ang mangunguna sa lahat ng pagpupulong at usapin ng buong pamunuan

1.1.3 Siya ang tagapamahagi ng mga gawaing pangpamunuan

1.1.4 Siya ang kinatawan ng buong samahan para sa pakikipag-ugnayan sa mga pagpupulong ng iba't-ibang organisasyon

1.1.5 Siya ay may kapangyarihang magtalaga ng mg programa, proyekto at gawain.

1.2 PANGALAWANG PANGULO

1.2.1 Siya ang tagapangasiwa sa gawain ng samahan

1.2.2 Siya ang pansamantalang magsasagawa ng tungkulin ng pangulo sa panahong wala ito

1.2.3 Siya ang magiging kinatawan ng buong samahan sa pakikipag-ugnayan sa mga pagpupulong sa iba't-ibang organisasyon sa panahon na wala ang pangulo

1.3 KALIHIM

1.3.1 Siya ang tagapagtala ng katitikan ng pagpupulong

1.3.2 Siya ang tagapag-ingat ng mga kasulatan ng samahan

1.3.3 Siya ang tagapag-ulat ng nakaraang usapin sa pagpupulong ng buong samahan

1.3.4 Siya ang gagawa ng opisyal na sulat ng samahan

1.3.5 Siya ang katuwang at kasama ng pangulo sa mga pagkakataong kinakailangan

1.4. INGAT-YAMAN

1.4.1 Siya ang mangangasiwa at mag-iingat sa seguridad ng pondo at anumang salapi na may kinalaman sa samahan.

1.4.2 Siya ang tagapagtala ng lumalabas at pumasok na pananalapi ng samahan.

1.4.3 Siya ang magsusumite ng taunang ulat-pananalapi at sa pagkakataong hinihingi ng pamunuan.

1.5 TAGASURI

1.5.1 Siya ang may tungkulin at karapatan na alamin at suriin ang lahat ng talaang pananalapi at iba pang ari-arian ng samahan tuwing mayroong pagpupulong.

1.6 TAGAPAGBALITA

1.6.1 Siya ang makikipagtalastasan at maghahatid sa mga kasapi at sa publiko ng mga impormasyong may kinalaman sa mga gawain ng samahan.

1 7 LUPON NG MGA DIREKTOR

1.7.1 Sila ang tagatulong sa lahat ng gawain ng samahan tulad ng:

a. Paggawa ng alituntunin
b. Paggawa ng mga desisyon ukol sa mga proyekto ng samahan.
k. Humalili sa pagkakataong may bakanteng posisyon ayon sa napagkasunduan ng pamunuan

## ARTIKULO VIII

## KWALIPIKASYON NG PAMUNUAN NG K-PSEP

Seksyon 1. Ang mga kwalipikado sa nominasyon sa pamunuan ng K-PSEP ay ang mga sumusunod:

1.1 Mag-aaral ng publiko o pribadong paaralan sa antas sekundarya.
1.2. Rehistrado at aktibong miyembro ng K-PSEP
1.3 May magandang asal
1.4 Rekomendado ng punong-guro o administrador

## ARTIKULO IX

## PANANALAPI

Seksyon 1. Ang lahat ng pananalapi ng pambansang K-PSEP ay mapapasailalim sa pambansang PSEP, Inc.

Seksyon 2. Ang lahat ng pondo ng K-PSEP ay idedeposito sa hiwalay na libreta de bangko. Ang pangulo ng PSEP ang pangulo ng K-PSEP at tagasuri ang "signatories".

Seksyon 3. Ang lahat ng bayarin at pananalapi ay kinakailangang may karampatang dokumento na babayaran matapos aprubahan ng pangulo at ingat-yaman na pinatunayan ng tagasuri.